

Na-update na Kautusan na Manatili sa Bahay mula sa Pitong Opisyal ng Kalusugan sa Bay Area –Epektibo sa Mayo 4, 2020

Ito ay isang bahagyang buod ng bagong kautusan. Para sa buong detalye, bisitahin ang www.sccgov.org/coronavirus

Ang Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan ay nagpapalawak ng naunang kautusan na Manatili sa Bahay hanggang sa Mayo 31, 2020 at pinapayagan na ipagpatuloy ang ilang mga negosyo at aktibidad. Ang bagong kautusan ay magkakabisa sa Linggo, Mayo 4, 2020.

Ano ang pagkakaiba nito sa bagong kautusan at sa kautusan na kasalukuyang may bisa?

Dahil matagumpay nating pinabagal ang pagkalat ng COVID-19, pinapayagan ng Kautusan na magpapatuloy ang ilang mga negosyo at aktibidad, kabilang ang sumusunod (para sa buong listahan tingnan ang www.sccgov.org/coronavirus):

- Lahat ng mga proyekto sa konstruksyon na sumusunod sa mga Protokol ng Kaligtasan sa Proyekto ng Konstruksyon na ipinalabas bilang bahagi nitong kautusan;
- Lahat ng mga transaksyon sa real estate;
- Ang mga pangangalaga sa bata, mga summer camp, at mga programang pang-edukasyon at libangan na nangangalaga sa mga batang anak ng mga taong pinapayagan na magtrabaho sa labas ng kanilang mga tahanan, hangga't ang mga samahang iyon ay sumusunod sa ilang mga protokol;
- Mga negosyo sa labas tulad ng mga alagaan ng halaman, landscaping, at agrikultura na karaniwang pinapatakbo sa labas bago ang mga kautusan na manatili sa bahay; at
- Paggamit ng mga panlabas na pasilidad ng libangan.

Lahat ng mga negosyo na tumatakbo sa County ay dapat mag-update o gumawa ng isang Protokol ng Pagpadistansya sa Ibang Tao upang ipakita ang mga bagong kinakailangan na tinukoy sa kautusan.

Kung may mga pagkakaiba sa kautusan ng lokal na Opisyal ng Kalusugan at sa kautusan ng Estado, dapat sundin ng lahat ang may mga mas mahigpit restriksyon. Sa ilang mga lugar, ang kautusan ng Estado ay mas mahigpit kaysa sa lokal na kautusan.

Bakit kailangan nating magpatuloy sa pagpanatili sa bahay?

Sa yugtong ito ng pandemya, kritikal na hindi dapat mawala ang pagsulong na nakamit natin sa pagkontrol ng pagkalat ng COVID-19. Tumigil na ang pagtaas ng mga naospital, ngunit mas marami pa ang kinakailangang gawin upang ligtas na mabuksan muli ang ating mga komunidad.

Ang pandaigdigang pandemya ng COVID-19 ay nasa maagang yugto pa. Madaling kumakalat ang virus, ang kapasidad ng pagsusuri ay limitado at lumalawak nang dahan-dahan, at ang pagbuo ng bakuna ay nagsisimula pa lamang. Kung masyadong mabilis nating ipaluwag ang mga paghihigpit, ang

potensyal ng pagpapalawak ng pagkalat ay maaaring magkaroon ng malaking epekto sa kalusugan ng ating mga residente pati na rin ang ekonomiya.